


# Arts

## Unang Markahan – Modyul 8: Pagguhit ng mga Tanawin



**Arts – Ikatlong Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Unang Markahan – Modyul 8: Pagguhit ng mga Tanawin**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Maria Frances Joy J. Maambong	
<b>Editor:</b>	Armando Aguillon, Arcel W. Gacasan, Lynneth Baptista, May H. Zarate,	
<b>Tagasuri:</b>	Marivic O. Arro, Minerva P. Ibasco, Myleen C. Robinos, Eden R. Baruiz, Rolibeth M. Labadia, Marlou B. Tamayo	
<b>Tagaguhit:</b>	Nelson Vergara, Christian Adalim, Ma. Emmilyn Fiel	
<b>Tagalapat:</b>	Djhoane C. Aguilar	
<b>Tagapamahala:</b>	Allan G. Farnazo	Reynante A. Solitario
	Mary Jeanne B. Aldeguer	Janwario E. Yamota
	Analiza C. Almazan	Djhoane C. Aguilar
	Ma. Cielo D. Estrada	Maria Perpetua Angelita G. Suelto
	Jeselyn B. dela Cuesta	Reynaldo C. Deocampo

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City  
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147  
E-mail Address: region11@deped.gov.ph \* lrms.regionxi@deped.gov.ph

# Arts

Unang Markahan – Modyul 8:  
Pagguhit ng mga Tanawin

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Sa modyul na ito ay matututunan mo na ang pagguhit sa isang tanawin ay nagsisimula sa isang simpleng **sketch**. Ang sketch ay maaaring magsimula sa isang linya at bilog na magsisilbing **frame** o anyo ng isang obra. Ang sketch, depende sa perspektibo na gamit ng isang tagaguhit, ay kailangang magpakita ng **foreground**, **middle ground** at **background** sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang laki ng mga linya at hugis. Ginagawa ang mga ito upang mas makatotohanan ang magagawang obra kung ikukumpara ito sa totoong tanawin.


Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakakikilala ng iba't ibang bahagi sa pagguhit ng isang tanawin: foreground, middle ground at background;
2. Nakaguguhit ng isang tanawin ng sariling pamayanan, probinsiya o rehiyon na nagpapakita ng foreground, middle ground at background (A3PR-II).



## *Subukin*

Pag-aralan ang larawang ito. Aling gusali ang nasa foreground, middle ground at background?



# Pagguhit ng Tanawin



## Balikan

Natuklasan mo sa mga naunang leksiyon na ang isang imahe ay nagsisimula sa isang simpleng sketch. Ang sketch ay gawa gamit ang iba't ibang uri ng linya at mga hugis na nagsisilbing frame o anyo ng isang obra. Kapag pinagsama-sama mo na ang lahat ng mga imahe at dadagdagan mo pa ng kulay ang mga ito, makabubuo ka ng isang magandang tanawin.

Tingnan natin ang lawak ng kaalaman mo sa pagguhit ng isang tanawin. Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy ng mga pahayag sa Hanay A. Piliin ang letra ng may wastong sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

### Hanay A

1. Ito ang pinakamalapit na bagay o imahe na iginuhit sa isang tanawin.
2. Ito ang bagay o imahe na nasa gitnang bahagi ng tanawin.
3. Ito ang bagay o imahe na nasa pinakalikuran ng iginuhit na tanawin.
4. Isang tanawin na may foreground, midle ground at background.
5. Isang tanawin na walang foreground, midle ground at background.

### Hanay B

A. Background

B. Foreground



E. middle ground




## Tuklasin


Sa pagguhit ng isang tanawin, paiba-iba ang sukat at laki ng mga hugis at linya na ginagamit ng isang pintor. Ang mga bagay na iginuguhit niya ay nakadepende sa lapit o layo nito mula sa tumitingin sa tanawin. Mas malaki ang bagay na iginuguhit kung mas malapit ito sa tumitingin sa larawan. Kung mas malayo naman ito, mas maliit din ang pagkakaguhit nito.

Kinakailangan na sa pagguhit ng isang tanawin, nahahati sa tatlong bahagi ang pagkakaguhit para magkaroon ito ng balanse. May harapan, may gitna at may likurang bahagi.


Pag-aralan mo ang tatlong tanawin na iginuhit ng isang pintor. Ano kaya ang pagkakaiba ng bawat isa?



1



2




3



## *Suriin*

Ang sketch sa ibaba ay nagpapakita ng isang tanawin sa probinsiya ng Davao de Oro. Ipinapakita sa harapang bahagi ng tanawin ang isang magsasaka na nagpapahinga sa lilim ng isang puno. Nasa gitnang bahagi naman ang malawak na sakahan habang nasa likurang bahagi ang mga bundok at ulap.




Sa pagguhit ng isang tanawin, kinakailangan na magkaroon ng balanse ang mga bagay o imahe na nakapaloob dito. Maaaring palakihin o paliitin ng tagaguhit ang mga bagay depende sa lapit o layo nito sa tumitingin.

Kung ang isang bagay ay nasa harapang bahagi at malapit sa tumitingin, ito ay iginuguhit nang mas malaki. Ang tawag dito ay foreground. Sa likod ng foreground ay ang middle ground. Ito naman ay iginuguhit nang may katamtamang laki at sukat, sapagkat ito ay may kalayuan sa tagaguhit at nasa gitnang bahagi ng tanawin. Mas maliit naman kung ikukumpara sa foreground at middle ground ang mga bagay o imahe na nasa likurang bahagi o background. Nasa pinakamalayo kasi ito sa taong tumitingin sa tanawin.




Tingnan mo naman ngayon ang pagkakaguhit ng pintor sa sumusunod na larawan.



Napansin mo ba ang pagkakaiba nito sa naunang larawan? Sa pagkakataong ito, ang mga tanim sa sakahan ang nasa harapang bahagi o foreground ng tanawin. Ito ang pinakamalapit sa tumitingin kaya mas malaki ang pagkakaguhit ng pintor sa mga ito. Ang magsasaka sa lilim ng kahoy naman ang nasa middle ground o gitnang bahagi dahil nasa likod na ito ng foreground. Mas maliit na itong tingnan kaysa sa mga tanim. Ang mga bundok at ulap ay nasa likurang bahagi pa rin o background.


Pansinin mo naman ngayong ang pangatlong tanawin na iginuhit ng pintor.



Nakikita mo pa ba ang magsasaka? Ang liit-liit na niya, hindi ba? Halos hindi mo na makita sa layo nito.

Sa ikatlong tanawin, nasa background o likurang bahagi na iginuhit ng pintor ang magsasaka. Pinakamalapit sa tumitingin ang mga bundok na nasa

foreground kung kaya malaki ang pagkakaguhit sa mga ito. Habang ang mga tanim naman ang nasa gitnang bahagi sa tanawin.




## *Pagyamanin*

I. Saang bahagi ng tanawin makikita ang mga sumusunod? Piliin ang sagot sa loob ng saknong at isulat ito sa iyong sagutang papel.

- |                  |                           |
|------------------|---------------------------|
| 1. Foreground    | (harapan, gitna, likuran) |
| 2. Middle ground | (harapan, gitna, likuran) |
| 3. Background    | (harapan, gitna, likuran) |

- II. Pag-aralan ang tanawing ito sa probinsiya ng Davao Occidental at sagutin ang mga katanungan sa ibaba nito.



4. Anong bagay ang iginuhit ng pintor sa middle ground?
    - a. bundok
    - b. bato
    - c. bangka
  5. Nasa anong bahagi ng tanawin ang mga ulap?
    - a. foreground
    - b. middle ground
    - c. background
  6. Ano ang kasama ng mga buhangin sa foreground?
    - a. bundok
    - b. bato
    - c. bangka
- III. Gamit ang kaparehong mga bagay na makikita sa larawan sa itaas, iguhit mo sa isang malinis na papel ang isang bagong tanawin na nagpapakita ng mga sumusunod:
- a. foreground – bangka
  - b. middle ground – bato
  - c. background – bundok at mga ulap



## *Isaisip*

Sa iyong pagguhit ng mga tanawin, tandaan mo lamang ang mga sumusunod:

1. Ang pagguhit sa isang tanawin ay kailangang nagpapakita ng tatlong bahagi. Nararapat na ito ay may foreground o harapan, middle ground o gitna at background o likuran.
2. Ang foreground ay ang parte ng tanawin na mas malapit sa tagaguhit o tumitingin kaya mas malaki rin itong tingnan.
3. Middle ground ang tawag sa gitnang bahagi ng tanawin. Ito ay paminsang subject o paksa. Ang hugis at linya sa parteng ito ay may katamtamang laki.
4. Ang background ay iginuguhit sa likurang parte ng tanawin. Mas maliit na ito dahil malayo na ito sa lugar ng tumitingin.
5. Ang iba't ibang laki at sukat ay nagbibigay ilusyon na makatotohanan ang isang imahe.
6. Mahalagang magkaroon ng balanse ang tanawing iginuhit.



## *Isagawa*

Nakapasyal ka na ba sa isang napakagandang lugar sa inyong lungsod o probinsiya na gusto mong iguhit? Ano ang nagustuhan mo sa tanawin doon? Ano-ano ang bagay o gusali na makikita sa lugar na iyon?

Kumuha ka ng isang malinis na papel at iguhit ito. Tandaan mo ang pagkakaroon ng balanse sa iyong iguguhit na tanawin. Dapat makikita sa iyong gawa ang foreground, middle ground at background.

1. Ano-anong hugis ang makikita sa iyong sketch?
2. Paano mo ilalarawan ang uri ng tekstura sa bagay na iyong iginuhit?

Maaari mong gamitin ang rubrik sa ibaba upang bigyang puntos ang iyong iginuhit na tanawin.

Rubrik sa Pgguhit ng Tanawin	
5 puntos	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Malinaw na may foreground, middle ground at background.</li> <li>• Kapansin pansin ang pagkakaiba ng laki at sukat ng mga hugis sa imaheng iginuhit.</li> </ul>
4 puntos	<ul style="list-style-type: none"> <li>• May isang bahagi sa foreground, middle ground o background ang hindi malinaw sa pagkakaguhit.</li> <li>• May mga laki at sukat na hindi angkop sa tanawin na iginuhit.</li> </ul>
3 puntos	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Parepareho ang laki ng pagkakaguhit sa mga bagay na nasa foreground, middle ground at background.</li> </ul>




## *Tayahin*

Panuto: Basahin nang maigi ang mga tanong at piliin ang letra o isulat nang buo ang tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang pinakamalapit na bahagi ng tanawin na iginuguhit nang mas malaki kaysa sa iba?
  - a. foreground
  - b. middle ground
  - c. background

2. Kung ikaw ay gumuguhit ng background ng isang imahe, ano ang nararapat na laki o sukat nito?
- a. malaki                      b. katamtaman                      c. maliit

Anong bahagi ang tinutukoy sa larawan?



## *Karagdagang Gawain*

Gamit ang mga natutunan mo sa pagguhit ng isang tanawin, kumuha ka ng tatlong malinis na mga papel at iguhit ang mga sumusunod:

1. Isang tanawin kung saan makikita ang iyong paaralan sa background.
2. Isang tanawin sa inyong probinsiya kung saan makikita ang simbahan sa foreground.
3. Isang tanawin sa inyong rehiyon kung saan makikita ang dagat sa middle ground.


Maaari mong gamitin ang rubrik sa bandang **Isagawa** upang bigyang puntos ang iyong iginuhit na mga tanawin.



## Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. A
2. C
3. Background
4. Middle ground
5. Foreground



Pagymahanin

1. Harapan
2. Gitna
3. Likuran
4. C
5. C
6. B
- 7.

Subukin

1. A - foreground
2. C - middle ground
3. B - background

Balikkan

1. B
2. E
3. A
4. C
5. D

## *Sanggunian*

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ,. Montañez, Cynthia T. 2014, 2016, 2017 *Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc. , 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ,. Montañez, Cynthia T. , 2015, *Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)